Mga paraan upang matanggap ang iyong pera

Maaari mong matanggap ang iyong sahod sa iba't ibang paraan. Halimbawa, maaari kang bayaran ng cash, tseke, direct deposit, o sa isang payroll card.

May mga maaaring benepisyo at panganib ang bawat isa sa mga paraan na ito lalo na pagdating sa mga kabayaran, seguridad, at kadalian.

Makatutulong sa iyo na samantalahin nang lubos ang iyong pera ang kaalaman kung paano gumagana ang mga ito, magkano ang gagastahin sa paggamit ng mga ito, at kailan ka sisingilin ng dagdag na kabayaran.

Cash

Pagkakahulugan	Mga benepisyo	Mga panganib
Ang cash ay ang pera na iyong hawak. **Payo:** Iwasang magdala o iwanan sa iyong bahay ang malaking halaga ng pera. Kung mawawala o mananakaw ang cash, mahirap o imposible na itong mabawi.	▪ Tinatanggap halos kahit saan	▪ Mahirap o imposibleng mabawi kung nawala o ninakaw. ▪ Nakakaakit igasta ang cash na hinahawakan. ▪ Mahirap subaybayan ang paggasta para sa layunin ng pagba-budget na pansarili.

Mga payroll card

Pagkakahulugan	Mga benepisyo	Mga panganib
Mga prepaid debit card na isinaayos ng isang employer. Automatic na ipapadala ang iyong sahod o suweldo sa iyong payroll card sa electronic na paraan, nang hindi gumagamit ng isang paper check. **Payo:** Hindi ka mapipilit ng iyong employer na tanggapin ang iyong suweldo sa isang payroll card. Kailangang bigyan ka nila ng kahit isang iba pang opsiyon (na maaaring kabilang ang tseke, cash, o direct deposit sa iyong bangko o credit union account).	▪ Nagbabawas sa iyong mga panganib ng pagkawala o pagnanakaw, kumpara sa pagdadala ng cash o mga tseke. ▪ May mga pangangalagang pang-consumer ang payroll card para sa mga perang nakuha ng electronic na kamalian o pagnanakaw.	▪ Maraming mga card ang sumisingil ng kabayaran para sa kawalang galaw, pagbili, paggamit ng ATM, mga buwanang kabayaran, atbp. ▪ Maaaring may kabayaran ang overdraft kung ginagamit ang empleyado ng card nang walang sapat na pondo. ▪ Kailangan mong pumunta sa isang ATM o storefront upang mag-withdraw ng cash kapag kailangan ang cash. ▪ Maaaring may kabayaran din kung hindi mo gamitin ang mga ATM ng bangko o credit union na naglathala ng card. ▪ Maaaring hindi ka makapag-deposito ng ibang pera sa account.

Mga paper paycheck

Pagkakahulugan	Mga benepisyo	Mga panganib
Ang paycheck ay isang tseke para sa iyong sahod o suweldo na ginawa para sa iyo.	▪ Maaari mong ideposito sa isang checking o savings account. Ika-cash din nang walang bayad ng iyong bangko o credit union ang iyong paycheck kung saan ka may account. ▪ Mas ligtas kaysa pagdadala ng cash. Kung mawala o manakaw, maaaring ikansela ng iyong employer at muling maglabas ng tseke kung mai-report mo kaaga.	▪ Kung wala kang bank account, maaari kang magbayad upang i-cash ang iyong mga paycheck. ▪ Kung magdideposito ka ng isang paycheck sa isang bangko o credit union account, maaaring hindi mo magamit kaagad ang lahat ng pondo.

Direct deposit—checking/savings account

Pagkakahulugan	Mga benepisyo	Mga panganib
Ipinapadala nang diretso ang iyong sahod o suweldo sa iyong bank o credit union account sa electronic na paraan nang hindi na gumagamit ng paper check. Maaaring hindi inihahandog ng lahat ng employer. **Payo:** Tanungin ang iyong employer kung paano isasaayos ang isang direct deposit. Karaniwan, kung matatanggap mo ang iyong sahod sa pamamagitan ng direct deposit, maaaring kunin kaagad ang iyong pondo kahit man lamang kasing aga na parang nagdeposito kayo ng paper check, at kadalasang mas maaga. Sa maraming kaso, makukuha ang iyong pera sa araw ng iyong sahod. Dapat alam mo ang maaaring sisingilin sa inyo na mga kabayarang pang-ATM. Kadalasan, maiiwasan mo ang mga kabayaran pang-ATM sa pamamagitan ng paggamit ng ATM ng iyong sariling bangko o credit union.	▪ Nagbabawas ng iyong panganib sa pagkawala o pagnanakaw, kung ihahambing sa pagdadala ng cash o pagtanggap ng tseke. ▪ May mga pangangalagang pang-consumer ang account para sa mga perang nakuha sa electronic na kamalian o pagnanakaw. ▪ Karaniwang makukuha mo kaagad ang mga pondo. ▪ Maaaring makuha sa pamamagitan ng debit card, ATM card, o personal check ang mga pondo. ▪ Pinahihintulutang ng maraming employer na iyong hatiin ang iyong deposito sa pagitan ng isang checking at savings account. Makatutulong ito na bumuo ng savings. ▪ Walang bayad upang ideposito ang iyong tseke. Nag-aalok ang maraming bangko at credit union ng checking at savings accounts na walang buwanang kabayaran kapag nag-set up ka ng direct deposit.	Sa pagpapanatili ng iyong pera sa isang bank account, mangangailangan na magpunta ka sa isang ATM o mag-withdraw ng cash kapag kailangan ang cash.

Mga prepaid card

Pagkakahulugan	Mga benepisyo	Mga panganib
Ipinadadala ang iyong sahod o o suweldo sa electronic na paraan sa iyong credit card nang hindi gumagamit ng paper check.	▪ Maaaring mas ligtas at mas walang panganib kaysa pagdadala ng cash o tseke.	▪ Walang kaparehong pangangalaga ang card sa consumer gaya ng isang checking account o payroll card para sa perang nakuha sa pamamagitan ng electronic na kamalian o pagnanakaw. ▪ Maaaring magkatakda ka sa mga uri ng transaction na mapaggagamitan mo ng card. Halimbawa, maaaring hindi mo magagamit ang iyong prepaid card upang bayaran ang iyong mga bill. ▪ Maraming card ang sumisingil ng kabayaran para sa kawalang galaw, mga pagbili, paggamit ng ATM, buwanang kabayaran, at iba pa. ▪ Kailangan mong pumunta sa isang ATM o storefront upang mag-withdraw ng cash kung kailangan ang cash.

Makipag-ugnayan sa amin

Online
consumerfinance.gov/askcfpb

Sa pamamagitan ng telepono
Toll free: (855) 411-CFPB (2372)
TTY/TDD: (855) 729-CFPB (2372)

Sa pamamagitan ng sulat
Consumer Financial Protection Bureau
P.O. Box 4503
Iowa City, Iowa 52244

Magsampa ng reklamo
consumerfinance.gov/complaint